**Pamagat**: Debosyon

**Texto**: Psalm 119:145 “KOPH. I cried with my whole heart; hear me, O LORD: I will keep thy statutes.”
*Pagsasalin*: Ako'y tumawag ng aking buong puso; pakinggan mo ako, Oh PANGINOON: iingatan ko ang iyong mga palatuntunan. (Awit 119:145)

**Panimula**:

1. Ang debosyon natin sa Panginoon ay mahalagang bahagi ng ating paglago sa pananampalataya. (Debosyon = pagbabasa ng Biblia at pananalangin).
2. Ang maayos na debosyon ay pinangungunahan ng mga pangako ng Diyos at ito ay namamahala sa paglago ng pagmamahal natin sa Panginoon. Ito ay nanggagaling o nagmumula sa pagmumuni-muni ng ipinahayag na katotohanan ng Salita ng Diyos.
3. Bibigyan natin pansin ang mga panalangin ni David, ano ang laman nito, at kalian siya nananalangin. At titingan rin natin ang pananaw niya sa salita ng Diyos.

**I. Ang Kaniyang Mga Panalangin**:

1. Paano siya nanalangin: (v.145) – “ako ay umiyak [dumaing] na may buong puso” [taos puso] – Ang lahat ng kanyang puso at pagmamahal ay nakatungo sa Diyos na kung saan ay makukuha niya ang tulong sa kaniyang panganib.
2. Ano ang panalangin niya:
   a. Pakinggan mo ako (v.145, v.149) – kalian naririnig ng Diyos ang iyong boses?
   b. Iligtas mo ako (v.146) – sa kapahamakan, sa mga masasamang tao.
   c. Buhayin mo ako (v.149) – alinsunod sa mga prinsipyo ng Salita ng Diyos.
3. Bakit siya nanalangin: (v.150) – nagsisilapit ang mga nagsisisunod sa kasamaan. At sila ay malayo sa kanyang kautusan.
4. Ano ang nagyari sa kaniyang mga panalangin: (v.151) – Ikaw ay malapit! Oh PANGINOON.

**II. Ang Kaniyang Pananaw sa Salita ng Diyos**:

1. Iniingatan niya ang Salita ng Diyos (v.145, 146)
2. Umasa siya sa Salita ng Diyos (v.147) – may relasyon ang pag-asa at ang salita ng Diyos.
   -“dawning of the morning” – twilight. [bukang-liwayway ng umaga] (Psalmo 88:13)
   - prevented (come before) [nagpauna].
3. Maglinay (bulay; pagmumuni-muni) – (v.148)
   -“night watches” (pagpuyat sa gabi). Unang pagbantay, pagbabantay sa hating-gabi (Mga Hukom 7:19); at kinauumagahan na pagbabantay (Exodus 14:24).
   - paminsanminsan dapat nananalangin tayo sa gabi (Ps. 63:6; 77:4; Lam. 2:19)
4. Lahat ng mga kautusan ng Diyos ay totoo (v.151). – Habang ang mga kaaway ay handang manakit, siya naman ay handang tumulong.
5. Itinatag ng Panginoon ang kanyang mga salita sa sigurado at magpakailanmang pundasyon. (v.152).
   - Ang kaniyang pananampalataya ay base sa Salita ng Diyos, na Siya ay malapit sa kaniyang mga anak na inaapi.
   - Sa kaniyang sariling karanasan, mula nang dumating siya sa anumang kaalaman sa mga bagay na Biblia, ay alam niya na ang Salita ng Diyos ay sigurado at matatag.

**Katapusan**:

1. Hindi lamang sinasabi ni David na siya ay may debosyon sa Diyos. Ito ay nakikita sa kaniyang buhay.
2. Ang dalawang poste ng debosyon ay panalangin at pagaaral ng mga Salita ng Diyos. Ingatan natin na gawin ito sa ating buhay.